



*Konseho ng matanda sa kumunidad ng Sitio Kalakuasan,
Barangay Tanabag, Sitio Kayasan, Barangay Tagabinit, sitio
Manggapin, Barangay Langogan, Sitio Ryandakan, Barangay Maoyon,
Sitio Timbuan, Barangay Abaroan, sitio Nanabo, Barangay Caramay,
Sitio Tagnipa, Barangay Tinitian sa Bayan ng Puerto Princesa at
Roxas Palawan.*

**BAYAAN IT BATAK KAT PALAWAN – BBLP
(BATAK FEDERATION)**

Resolusyon bilang no. 28414 (also known ‘Para sa Uma Resolusyon), na humihiling ng agarang tulong mula sa pamahalang pam probinsya, pang rihion at nasional na tanggapan ng (pambansang komisyon para sa katutubong Pilipino) NCIP – na suportahan ang karapatan sa kaugalian ng mga katutubong Batak sa pag kakaingin (uma) at magawa ang lahat ng pamamaraan upang madiklara ang karapatan tungkol sa batas IPRA na mas mataas na Batas na kumikilala sa karapatan naming mga katutubo kompara sa mga pang konsehong batas o ordinansa para bawalan ang katutubong pamamaraan sa pag sasaka o pagtatanim ng palay.

IKA 28 NG ABRIL 2014

KUNG SAAN, kaming mga katutubong Batak ay mayroong tradisyonal na pamamaraan upang maging sustinabling ang aming pagkakaingin at kami ay mayrong pamamaraan upang di masira ang lupa o magkaroon ng erosion at magkaroon ng tamang pagkontrol sa apoy (or control fire) at nakakatiyak kami na aming nabubukod at nasusunod ang tamang pag panumbalik ng gubat o (forest regeneration);

KUNG SAAN, kami ay mayroong mga katutubong binhe na may bilang na 70 klase o varieties para sa binhi sa bukid o (upland rice) at ito ay minana pa namin mula sa aming mga ninuno subalit sakasalukuyan ito ay unti-unting nawala dahil sa pag papatupad ng ordinansa para sa pag bawal sa kaingin ng pamahalaang lungsod ng Puerto Princesa;

KUNG SAAN, sa pagpapatupad ng ordinansa na ito ay nilabang nito ang section 34 (Chapter VI ng batas IPRA R.A. 8371), na **Kung Saan** ay kumikilala sa karapatan o ICCA/IPs na may sariling sustainabing pamamahala at pamamaraan upang ito ay mapag yabong at mapang yaman sa katutubong pamamaraan at kaugalian, at sa bahaging ito ay nilabang nyarin mag probisyon ng batas IPRA 8371: 1) 'Rights of ownership' (chapter VI, sec. 7, item a); 2) 'Rights to religious , culture sites and cerimonies' (chap VI, Sec 33); 3) 'Rights to develop lands and natural resources' (Chapter III, sec. 7, Item B); 4) 'The rights to ancestral lands' (chap III, sec. 8); 5) 'The rights to determine and decide priorities for development' (chapter IV sec 17), etc.

KUNG SAAN, ang Puerto Princesa City Ordinansa ay hindi nakita ang kaibahan ng sistima ng mga dayuhan o dikatutubo sa pag gamit ng lupa na ito ay totoong nakakasira sa kalikasan dahil ito ay walang katutubong pamamaraan sa pag gamit ng lupa kumpara sa aming mga katutubong Batak ay mayroong sustainabing pamamaraan na naayon sa aming kaugalian, at kultura;

KUNG SAAN, ang palay or (rice) ay sentro ng aming pamamaraan upang aming maipag patuloy ang aming mga sagradong ritwal para sa gawain pag kakaingin. Dahil dito nakaugnay ang aming buhay bilang isang katutubong Batak;

KUNG SAAN, sa pag papatupad ng ordinansa sa pag babawal sa kaingin ng lungsod ng Puerto Princesa, ay may mga kaakibat ng mga ahensya tulad ng City ENRO, CENRO, PENRO, ay isang nagging daan upang lalong tumaas ang bilang ng mga taong naghihirap at nagugutom kasama ang mag Batak;

KUNG SAAN, dahil sa pag bawal sa kaingin ito ay nagging dahilan na hindi na kami maka pag tanim sa lupa. Bagkos ay napipilitan kaming bunili ng imported ng bigas, at dahilan din dito ay subrang pag kulikta ng mga NTFPs tulad ng almaciga resin, rattan, at honey, na nagging dahilan ng subrang pangugulita upang ito ay masira, subalit ito lang din ang isang bagay upang aming matustosan ang panga- ngailangan ng aming mga pamilya;

KUNG SAAN, ang mga Bantay Gubat ay nag outos na ang putuling kahoy ay mga maliit lamang para sa aming pag tataniman subalit ayon sa aming tradisyonal na kaalaman ay nanga-hulogan na ito ay hindi nagbibigay ng matabang sustansya sa lupa. Subalit kung ito ay malalaking kahoy ito ay may matabang sustansya na maibibigay sa tanim, dahil kung ang bahaging inuotos ng Bantay Gubat ang pag putol ng maliliit na kahoy, matapos ang unang pag ani, ay ang susunod na tutubo dito ay damo katulad ng cogun;

KUNG SAAN, ang DENR staff ay nag aanya sa amin na ang aming mga lupa ay pagtanim ng mga puno o (perennial trees) subalit ayon sa aming kaugalian

at kultura ito ay hindi nararapat sa dahilang itong mga klase ng puno na hindi angkop, sapagkat ito ay hindi namatay ito at tuloy-tuloy kumpara sa kaingin na matapos ang aming harvest period, ito ay mag bibilang muli ng taon bago namin balikan upang bumalik ang taba at sustansya ng lupa at mag panumbalik ang mg punong kahoy, kung ang mga banyagang kahoy ang itatanim. Ito ay makakasira ng lupa at aming paniniwala;

KUNG SAAN, ang Resolusyon no 15813 na (also known as the Roxas Resolution) binuo sa bayan ng Roxas na dinaluhan ng mga pinunong leader ng Batak noong Novembre 2013, ay nag lalayong maipaabot ang aming mga hinaing tungkol dito sa tangapan ng Pangulo ng Pilipinas, Benigno Nonoy Aquino III at sa mga sangay ng pamahalaan ng may direktang ugnayan sa problimang ito tulad ng LGU, Municepyo, City, Province, DENR, NCIP, DA, NCCA, PCSD. Upang mabigyan ng agarang aksyon ang aming problima, o reklamo;

DAHIL DITO, napag pasyahan ng mga katutubong leader ng Puerto at Roxas, mula sa tribong Batak. Na humiling ng tulong mula sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) at sa mga sangay nito na may kaalamang legal na:


- 1) Suportahan na mai- paabot ang kahilingang ito diritso sa tangapan ng Mayor ng Puerto Princesa, at sa lahat na ahensya at sangang nito. Tulad ng CENRO, PENRO, Bantay Gubat, Provincial Government Office, PCSD;
- 2) Matulongan sa negosasyon o isang pag-ousap upang rebisahin ang Ordinansa ng Puero Princesa, upang amindahan ang probisyon ng ordinansa na magkaroon ng exsemsyon o exempted ang mga katutubo sa pag bawal sa kaingin;
- 3) Masimulan at mapabilis ang pag sukat at pagkilala sa lupaing ninono ng mga tribong batak sa luob ng Puerto Princesa at Municepyo ng Roxas,
- 4) Maipadaloy at mapabilis ang pag labas ng mga legal na permit ng mga katutubo upang maka kolikta, maka pagbiyahe at maka pag binta ng mga productong gubat (NTFPs);

DAHIL DITO, ay aming iminumung kahi at hinihiling sa tangapan ng NCIP – na kami po ay inyong matulongan at mabigayan ng agarang aksyon;

Nilag daaan at pinang tibay ang napagkasuduan into nayong ika 28 ng Abril 2014 sa sitio Kalakuasan, Barangay Tanabag, Lungsod ng Puerto Princesa

PLACE AND DATE: Sitio Kalakuasan, Bgy. Tanabag, P.P.C. 27 April, 2014


I hereby certify to the approval of the forgoing resolution


Ernesto Dagsalio, President of the Batak Federation


SIGNED BY:

Edilberto Madija


Edilberto Madija, Vice-Chairman Batak Federation, Sitio Tagnipa, Barangay Tinitian


NESTOR SAAVEDRA

Nestor Saavedra, Secretary Batak Federation, tribal leader Sitio Ryandakan, Barangay Maoyon


Berto Madamay, Treasurer Batak Federation, Tribal Leader Sitio Manggapin, Barangay Langogan


Fedenco Salvador, Board Member Batak Federation, Batak tribal leader Sitio Kayasan, Barangay Tagabinet


Danilo Bonales, Board Member Batak Federation and Tribal Leader Sitio Nanabo, Caramay


Felizardo Tugnao, Board Member Batak Federation and tribal leader, Sitio Timbuan, Barangay Abaroan


Dorico Villanueva, Board Member Batak Federation and tribal leader, Sitio Kalakuasan, Barangay Tanabag


Florencio Alcantara ('Padaw') – Babalyan (Batak Spiritual Leader)


Mamerto Dagsalio 'Pawat' - Assistant Babalyan

HERNANDO PRIMITIVO

Hernando Primitivo, Chairman Community Based Forest Management Agreement (CBFMA) of Kalakuasan, Bgy Tanabag

R.M.
RUSTICO D. MAURICIO, BOARD (BBKF), TRIBAL LEADER SITIO TAGANAYA, Bgy. CONCEPTION

Copy Furnished:

Dr. Marlea Pinor Muñoz, Executive Director National Commission on Indigenous Peoples (NCIP)

Hon. Dionisia Banua, Commissioner Island Groups & Rest of Visayas, National Commission on Indigenous Peoples (NCIP)

Eng. Roldan Parangue, Provincial Officer NCIP-Palawan

Hon. Joycie Dorado Alegre, Commissioner, National Commission for Culture and the Arts (NCCA)

Hon. Jose Chaves Alvarez, Governor of Palawan

Hon. Lucilio, R. Bayron Mayor of Puerto Princesa Municipality

Hon. Maria Angela D. Sabando, Mayor of Roxas

Engineer Nelson P. Devanadera, Executive Director, Palawan Council for Sustainable Development (PCSD)

Mr. Leonard Caluya, Head of the FMS-PENRO
Santa Monica, PPC – Palawan

Mrs. Teresita S. Guian
Provincial Agriculturist
PPC, Palawan

Hon. Florencio S. Loreno, Indigenous People Mandatory Representative (IPMR),
City of Puerto Princesa

NOTE: Please reply to Ernesto Dagsalio, President of the Batak Federation c/o NATRIPAL (UNITED TRIBES OF PALAWAN), Macawili Road, Banca-Bancao, Puerto Princesa City, Palawan. Telefax (048) 4336573. Email: batak.federation@gmail.com - For additional information and set appointments with Batak Federation representative, pls. contact: JohnMart Salunday (Batak Foundation Paralegal Focal Person) **cell. 09295723138.**